Pangalan: ______________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Pagsulat ng Liham na Nagbabahagi ng Karanasan o Pangyayari

**I. Panuto:** Bilugan ang tamang sagot.

1. Bakit kailangang magtaglay ang liham ng malinaw na pahayag?
   a. Dahil mas maiintindihan ito ng magbabasa
   b. Dahil agaw-pansin ito sa magbabasa
   c. Dahil mas hahaba ang nilalaman
   d. Dahil mas huhusay ang magbabasa
2. Alin sa sumusunod ang hindi katangian ng liham na nagbabahagi ng karanasan o pangyayari?
   a. Ang liham ay dapat na may malinaw na pahayag.
   b. Ang liham ay may wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya.
   c. Ang liham ay may paligoy-ligoy na pahayag.
   d. Ang liham ay naglalaman ng kompletong impormasyon.
3. Dito nakasulat ang mensahe o nais sabihin ng taong sumulat.
   a. Pamuhatan
   b. Bating Panimula
   c. Katawan ng Liham
   d. Bating Pangwakas
4. Dito nakasulat ang tirahan ng sumulat at petsa kung kailan isinulat ang liham.
   a. Pamuhatan
   b. Bating Panimula
   c. Katawan ng Liham
   d. Bating Pangwakas
5. Dito nakasulat ang pangalan ng taong susulatan. Nilalagyan ito ng kuwit sa dulo.
   a. Pamuhatan
   b. Bating Panimula
   c. Katawan ng Liham
   d. Bating Pangwakas

**II. Panuto:** Isulat ang mga katangian na dapat taglayin ng isang liham sa loob ng kahon.

